THE FILIPINO-CANADIAN NEWS AND INFORMATION www.talibaFlipzMedia.com

TALIBA

#515 APRIL 16-30, 2024 FlipzMedia PUBLISHED IN TORONTO, ONTARIO

# Ontario nagdagdag ng 300 GO train trips kada linggo sa mga ruta sa GTA

***Sinabi ng gobyerno ng Ontario na magdaragdag ito 300 na lingguhang biyahe ng GO train sa mga ruta sa buong GTA, isang pagpapalawak sa serbisyo na tinawag ng Metrolinx na pinakamalaki sa loob ng mahigit isang dekada.***




Ang dagdag na mga biyahe sa Lakeshore West, Lakeshore East, Milton, Stouffville at Kitchener lines ay magsisimula sa Abril 28, sinabi ni Premier Doug Ford sa isang news conference ngayong Lunes.

Kasama sa mga pagbabago na maaaring asahan ng mga rider ay ang:

Pagdami ng weekend train service mula bawat 30 minuto sa bawat 15 minuto sa hapon at gabi sa Lakeshore west at east lines sa pagitan ng Oakville GO, Union at Durham College Oshawa GO stations.

Isang dagdag na train trip sa umaga at gabi sa weekday rush hours sa pagitan ng Milton GO at Union Station.

Ang bawat pangalawang UP Express train ay magiging non-stop sa pagitan ng Union Station at Pearson Airport pitong araw sa isang linggo.

Train service sa gabi pitong araw sa isang linggo sa Stouffville Line.

30 minuto na weekday service tuwing midday at gabi sa Kitchener Line sa pagitan ng Bramalea GO at Union Station.*RCI*

## Magtutulungan kami upang matupad pangarap 'nyo na magkabahay!

**Resty Ragragio**
*Sales Representative*

Cell: **(416) 301-1988**

**Cecilia Ragragio**
*Mortgage Agent*

Office: **Ultimate Mortgage Group-**
Phone: **289.200.2277**




Email: resty.ragragio@century21.ca Email: cragragio@hotmail.com

# GET OUT OF DEBT
# WITHOUT BANKRUPTCY

Deal directly with the Licensed Debt Professionals™ at David Sklar & Associates

We are licensed by the Canadian government to file and administer programs that can relieve your serious debt problem and give you a 'fresh start'

- Get Out of Debt
- Stop Collection Calls
- Stop Interest Charges
- One Low Monthly Payment
- Without Bankruptcy
- Without Loans



**Cori Naron,**
Certified Insolvency Counsellor (BIA),
Estate Administrator

## For Your Free Consultation
## Call (416) 498-9200 ext. 236

**DAVID SKLAR & ASSOCIATES INC.**
Licensed Proposal Administrators & Licensed Insolvency Trustee

HEAD OFFICE: 245 FAIRVIEW MALL DRIVE, SUITE 720, TORONTO, ONTARIO, M2J 4T1
NORTH YORK ▪ TORONTO ▪ PICKERING / AJAX ▪ MISSISSAUGA / ETOBICOKE ▪ BRAMPTON

# Trudeau ibinunyag ang tungkol sa foreign interference

***Nagsalita ang PM sa loob ng 20 hanggang 30 minuto sa pampublikong pagdinig***



**Prime Minister Justin Trudeau**

Prime Minister Justin Trudeau nagbigay ng kanyang testimonya sa komisyon na nag-iimbestiga tungkol sa foreign interference sa Canada noong Abril 10, 2024.

Ibinunyag ni Canadian Prime Minister Justin Trudeau sa ilalim ng panunumpa ang ilan sa kanyang nalalaman tungkol sa foreign interference at ano ang kanyang ginawa nang nalaman niya ang tungkol dito, sa pampublikong pagdinig sa isyu.

Ang kanyang testimonya nagbigay liwanag kung paano ibinahagi ang intelligence at kung saan maaaring mag-exist ang mga gap, na normal na itinatago mula sa publiko.

Matatandaan na binuksan ng Canada ang isang pampublikong pagdinig upang imbestigahan ang foreign interference o pakikialam ng mga dayuhang bansa gaya ng Tsina, Russia, India at Pakistan sa pederal na eleksyon noong 2019 at 2021. ***RCI***

# 140 BMO customers nawalan ng $1.5M dahil sa mga panloloko sa wire at e-transfer

*Isang Filipina Canadian ang naging biktima ng naturang panloloko*



***Pinoy Canadian biktima ng isang cybercriminal na hinack ang kanilang computer at nagnakaw ng $63,270 mula sa kanilang BMO account.***

**Ang Filipina Canadian na si Elizabeth Bernas** at ang kanyang asawa planong gamitin ang pinagbentahan ng kanilang bahay upang ipa-renovate ang bagong bahay sa Ajax, Ont., bayaran ang tuition ng mga anak sa unibersidad at magbakasyon kasama ang pamilya.

Ngunit bago pa nila ito magawa, isang tao ang nagkaroon ng access sa kanilang account sa Bank of Montreal (BMO) nang walang pahintulot noong late 2022 at nag-withdraw ng mahigit $63,000 sa pamamagitan ng isang serye ng transfers na ayaw ibalik ng bangko.

Sinabi ng BMO na hindi nito babayaran ang mag-asawang Bernas dahil ang transfers ay ginawa mula sa kanilang device, walang failed login attempts sa account at hindi nakakita ng anumang iregularidad ang malware scan sa kanilang computer, ayon sa sulat ng bangko na nakita ng CBC News.


Sobra kaming depressed; hindi makatulog sa gabi, ani Bernas. Gusto namin maibalik ang lahat ng aming pera.

"***Sa digital na mundo kung saan tayo namumuhay, ang mga scam ay mabilis na nagbabago at nagiging mas sophisticated, tina-target ang milyong-milyong Canadians sa pamamagitan ng malicious texts at phone calls***," ani Roman.

**Wire at e-transfer fraud dumadami.** Ang e-transfer fraud sa pangkalahatan ay isang significant increasing concern, ayon sa Ombudsman for Banking and Investment Services (OBSI), ang national organization na namamagitan sa ilang hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng member banks at mga kliyente. ***RCI***


APPLY TODAY - WORK TOMORROW!

We currently have openings for:
GENERAL LABOUR
PACKAGERS
ORDER PICKERS / PACKERS
MATERIAL HANDLERS
SHIPPER / RECEIVERS
CERTIFIED FORKLIFT OPERATORS




EXTRA PERSONNEL
Kipling at Taber
Between Wendys and Daisy Mart
2140 Kipling Avenue Unit 5
Toronto, ONT M9W 4K5.

7:00 a.m.-4:00 p.m.
Call our Filipino Recruiter
Alvin Rota
416-740-3959



We offer the best pay rates in the industry, long and short-term assignments, tremendous full-time employment possibilities and access to some of Canada's top employers.

Applicants must have a great work ethic, a good command of the English language and safety shoes.

EXTRA
INDUSTRIAL PERSONNEL INC.
www.extraindustrialpersonnel.com

# Trudeau inanunsyo ang $2.4B para sa mga investment kaugnay ng AI




***Canadian Prime Minister Justin Trudeau***

**Nais natin tulungan ang mga kompanya na mag-adopt sa AI sa isang paraan na magkakaroon ng mga positibong impact para sa lahat, ani Trudeau, dagdag pa niya ang $200 milyon ay mapupunta sa pagpapalakas ng adoption ng AI sa mga sektor tulad ng agrikultura, health care at clean technology.**

Plano ng gobyerno na maglunsad ng $50 milyon na AI safety institute upang magkaroon ng proteksyon laban sa tinatawag nitong advanced o masasamang AI systems, at isa pang $5.1 milyon na mapupunta sa opisina ng AI and Data Commissioner para ipatupad ang proposed Artificial Intelligence and Data Act.

Ang Bill C-27 ang unang pederal na lehislayon na espisipikong nakatuon sa artificial intelligence. Ia-update nito ang privacy laws at ipakikilala ang mga bagong obligasyon para sa high-impact systems.

Sinabi ni Innovation, Science and Industry Minister François-Philippe Champagne na ***ang Canada ay isang world leader sa AI***. Let's stop asking what AI will do to us, and why don't we start asking what we want AI to do for us, aniya.***RCI***

*"Ang Liberal na gobyerno nagtabi ng $2.4 bilyon sa darating na budget upang itaguyod ang kapasidad sa artificial intelligence."*



# HIRIT NI APOLLO QUIBOLOY TINABLA NI PBBM




**MANILA**- Ferdinand Marcos Jr. ang mga kondisyon na hinihingi ni Kingdom of Jesus Christ (KOJC) founder Pastor Apollo Quiboloy bago siya sumuko.

Sa ambush interview kay Pangulong Marcos sa Bacolod City para sa pagbubukas ng P67.98 bilyon Cebu-Negros-Panay (CNP) 230 kilo volt backbone project ng National Grid Corporation (NGCP), sinabi nito na walang karapatan si Quiboloy na magbigay ng kundisyon sa gobyerno gayung siya ang akusado.

"I think it seems to be a little bit tail wagging ano, na siya ang magbibigay ng kundisyon sa gobyerno doon sa kaso niya, akusado siya, sa warrant of arrest", sabi ng Pangulo.

Iginiit pa ng punong ehekutibo na ang magagawa lang ng pamahalaan ay magbigay ng malasakit kay Pastor Quiboloy na matagal na rin niyang kilala.

Bukod dito, ang maipapangako lang anya ni Pangulong Marcos ay magiging patas sa proceedings, subalit sa usapin tungkol sa pakikialam ng Estados Unidos ay malayo pa ito at aabutin pa ng taon.

Kaya sa tingin ni Marcos ay hindi dapat na mag-alala si Pastor Quiboloy.

Matatandaan na nagtakda si Quiboloy ng mga kundisyon bago siya sumuko, kabilang dito ang pagbibigay ng written guarantee ni Pangulong Marcos, DOJ, NBI at PNP na hindi manghihimasok ang Amerika sa mga kaso niya dito sa Pilipinas.

Giit ni Quiboloy, kapag nabigo siyang bigyan ng written guarantee ay hindi na siya makikita pa. ***ABANTE***

# Unggoy na naispatang ngumangata ng plastik na bote, umani ng reaksiyon

**PILIPINAS** - Umani ng reaksiyon sa mga netizen ang larawan ng isang unggoy na namataang kinakagat-kagat ang isang basyo ng plastik na bote ng mineral water, na matatagpuan sa Mount St. Paul sa Puerto Princesa, Palawan, malapit sa sikat na Underground River.



Sa mga kuhang larawan ni Noel Pabalate ng Manila Bulletin, makikitang nginangatngat ng unggoy ang plastik na bote, bagay na nagdulot ng reaksiyon at pagkadismaya sa mga netizen, dahil mahigpit na pinaaalalahanan ng mga awtoridad ang mga turista na huwag magdadala at magtatapon ng plastic containers sa kung saan-saan, upang mapanatili ang sustainable ecotourism ng lugar, *na isa sa mga itinuturing na* ***World's Seven Wonders of Nature***. **iBALITA**




ACTION Honda

HONDA




4334 KINGSTON ROAD (AT LAWRENCE AVE. EAST)
416-281-1234 • www.myactionhonda.com

# FCT HONOURS FIL-CAN OUTSTANDING STUDENT GRADUATES

***By Tony A. San Juan, OCT.***

**Eight Filipino Canadian student graduates in Ontario received awards during the " 17th Annual FCT Rosalinda C. Javier Outstanding Student Awards" on April 7, 2024, at the FCT Social Hall, Scarborough, Toronto. The yearly event is an established project of the Filipino Centre Toronto( FCT), a not-for-profit, volunteer-run, and community-based organization in the province.**

Among those in attendance at the recognition rites were guest of honour & speaker OCAD University President Ana Serrano, inspirational speaker York University Assistant Professor Dr. Marissa Largo, and special guests Federal Small Business Minister & MP Rechie Valdez, MP Shaun Chen, Ontario Minister for Seniors & MPP Raymond Cho, representatives of Asst. Minister & MPP Vijay Thanigasalam, MPP Andrea Hazell, MPP Doly Begum, Philippine Deputy Consul General Kerwin Tate, and TCDSB Trustee Garry Tanuan.

Those who were presented with plaques of recognition, congratulatory certificates, and cash awards were University graduates Roelle Ann Santa Maria, Leny Rose Lopez Simbre and Jasmine Santos Bouckley; High School graduates Jordan Santos Bouckley, Gianne Esmino Mangalino, and Collin Cortez Rosales; and Elementary School graduates Vanezza Hechanova Bucao and Khristian Shermae Delos Santos. The elementary and high school awardees were chosen based on the criteria of Academic Grades(50%), Extracurricular Activities( 15%), Community Involvement(15%), and Interview Performance( 20%). Post-secondary school winners were named upon presentation of a diploma or transcript of records with an official citation of academic honours or distinction from the university or college.

The 8 honourees were selected by members of the FCT-Rosalinda C. Javier Outstanding Student Awards(RCJOSA) Committee composed of FHHC founding chair Tony A. San Juan( Chairman), FCT president & CEO Mary Ann San Juan( Co-chair), TDSB high school vice-principal Fermer Santos, PCCT immediate past president Steve Pagao, TCDSB community relations officer Jodelyn Huang and FCT board director Nitz Redjik. WFG Senior Executive Chairman & Founder Agnes P. Miranda donated the 8 Plaques of Recognition while the FCT directors and executive officers shelled out the cash prizes. Among the cash donors were Precy & Dodong Tumulak, Alvin Flor Marasigan, Philip Beloso, Frank Cruzet, Joy D'Aoust, Jerome Peralta, Stefie Stephens, and the FCT Seniors Arts group. Efren De Villa, Dr. Nenette De Villa, Wendy Arena, Dylan Mendoza, and Luisito Queano participated well in the 90-min. program, hosted by Theresa Lumanlan.

Started in 2005, the recognition program is about the Filipino Centre Toronto's aim to continually challenge and encourage students of Filipino heritage to achieve academic success and exemplary performance in their educational endeavours. For over 19 years, the Centre has recognized 154 top graduates from various educational institutions in Ontario. The award is named after the late FCT president and former educator Rosalinda Cerrudo Javier.

**Online applications for the School-year 2023- 2024 Competition for graduates in elementary, secondary, and post-secondary categories will commence in July 2024.**

Interested candidates are to check out ***filipinocentretoronto.com*** or contact: ***filipinocentreinfo@gmail.com*** or Tel. **416-335-0485.**



***(Group Photo by Jose Joey Baking)***

***FCT-RCJOSA Outstanding Fil-Can Student Awardees with Event Guests, Dignitaries, & Presenters.***

# Interes ng Pinas sa trilateral meeting tagumpay na naisulong




*Filipino President Ferdinand Marcos Jr. speaks during a trilateral meeting with US President Joe Biden and Japanese Prime Minister Fumio Kishida (off frame) in the East Room of the White House in Washington, DC, on April 11, 2024.* 7

**PILIPINAS**, — Magiging kapaki-pakinabang sa mga Pilipino ang resulta ng makasaysayang trilateral meeting nina US President Joe Biden, Japan Prime Minister Fumio Kishida at Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr.

Sa Joint Vision Statement nina Biden, Kishida, at Marcos kinondena ng tatlong lider ang mga ginagawang pangha-harass ng China sa mga Pilipino sa WPS gayundin ang militarization ng mga reclaimed features sa lugar.

Sinabi ni Biden na anumang pag-atake sa eroplano, sasakyang pangdagat ng Pilipinas o militar ay magreresulta sa paggamit ng Mutual Defense Treaty kung saan sasaklolohan ng Amerika ang Pilipinas.

Iginiit ng tatlong lider na dapat kilalanin ng China ang desisyon ng Arbitral Tribunal na nagsasabi na ang WPS ay Exclusive Economic Zone (EZZ) ng Pilipinas.

Sa ilalim ng inisyatiba, magpapadala ang Pilipinas ng mga estudyante para magkaroon ng world-class training sa mga pangunahing unibersidad sa Amerika at Japan.

Ayon kay Marcos, inaasahan na 128,000 semiconductor engineer at technician ang malilikha sa ilalim ng programa hanggang sa taong 2028.

***Pilipino Star Ngayon***

## Canadian citizen nakatakas na sa wakas mula Gaza kasama ang pamilya




***Si Fayza Al-Najjar ay isang Canadian citizen na na-trap sa Gaza.***

Pagkatapos mawasak ang kanyang tahanan sa Gaza, si Fayza Al-Najjar at ang kanyang pamilya ay nanirahan sa isang garahe nang nawalan sila muli ng tutuluyan.

Dahil wala na ibang mapupuntahan, si Al-Najjar, na isang Canadian citizen, hiniling sa embahada ng Canada na tulungan sila upang makatakas ng Gaza at nagpapasalamat dahil naaprubahan ito sa loob ng 30 araw. ***RCI***

# Artificial Intelligence, para kanino?

## by Jopar Cruz/ IBON



***Face ID, social media, automated emails and messages, Google Search, Digital Voice Assistant, smart home devices, self-driving cars, banks automation, personalized recommendation, robotics.*** Ilan lang ang mga ito sa aplikasyon ng Artificial Intelligence o AI na matagal na nating nakakasalamuha at nagagamit sa araw-araw. Naging popular ang AI noong 2022 nang ipakilala ang ChatGPT sa madla. Bagamat isang maliit lang na bahagi ito ng maraming paraan na nagagamit ang AI, namangha ang marami sa kakayahan ng ChatGPT.

Namangha na may halong pagkabagabag. Kaya diumano ng AI mangatwiran, makaganap at gumampan ng mga gawain para makamit ang mga partikular na layunin. Kaya pala ng ***computer programs*** aralin nang malaliman ang mga datos at ideya nang hindi tinutulungan ng tao. Kaya pala ng AI gayahin ang human intelligence. Kaya kaya nitong lampasan ang tao?

Higit sa kontrobersyang ito, ang batayang tanong naman tuwing may abanseng teknolohiya ay kung ang pag-unlad ba nito ay para sa pag-unlad ng lahat. At dito nagkakatalo.

Maraming pakinabang sa AI, pero katulad ng pinagdaanan ng mundo sa kasaysayan na rebolusyong industriyal at teknolohikal, palaging ang malaking pakinabang ay napupunta lang sa kumokontrol ng kapital at teknolohiya at hindi sa lumilikha.

Sa larangan ng manupaktura, pwedeng maging mas produktibo at mabisa ang isang robot o makina kumpara sa ilang manggagawa pagdating sa dami at kalidad ng produkto. Malaking alwan ito sa manwal na paggawa lalo na kung pisikal ang gawain at kinakailangang magbuhat ng mabibigat na bagay na karaniwan ay hindi kayang gawin ng iilang tao lamang.

Sa larangan ng edukasyon, malaking tulong ang AI sa mga estudyante dahil pwede nitong padaliin ang pangangalap ng datos na dati ay kalat-kalat at hindi organisado. Sa mga guro, pwede itong makatulong sa paggawa ng mahuhusay na biswal na nagiging mas epektibo sa pagtuturo. Idagdag pa ang pag-angkop sa pamamaraan ng pagtuturo sa panahong hindi posible ang ***face-to-face***.

Sa kalusugan, malaki na ang iniunlad pagdating sa usapin ng operasyon, kagamitan at medisina. Isang halimbawa nito ay kung paano kinaharap ang COVID 19 pandemic sa pamamagitan ng pangangalap ng impormasyon hinggil sa sakit, at kung paano nakapag-debelop ng bakuna at namekanisa ang paglikha nito.

Pero kaya ba nitong paunlarin ang ekonomiya para mahango ang karamihan sa kahirapan at makinabang sa mga produktong kanilang nililikha? Sa madaling salita, umunlad nga ang produksyon at agham, pero napunta ba ito sa gumawa? Umunlad nga ang makina at teknolohiya dahil sa AI, pero ang desisyon kung para kanino ay nanatiling wala sa kamay ng mamamayan ng mundo.

Mas masaklap ito para sa mga Pilipino. Mayorya ng mga ***tech giants*** sa bansa ay malalaking dayuhang korporasyon. Ang makina at teknolohiya na ginagamit ng mga Pilipino, kasama na ang ***intellectual property rights*** o karapatang pag-aari ng mga ito, ay kontrolado ng mga dayuhan. Kailanman hindi nakapagpaunlad ang bansa ng sarili nitong teknolohiya at pagmemekanisa na siya sanang may malaking papel sa pagpapaunlad ng agrikultura at industriya. Lagi itong nakasanding sa imported na makina.

Nagiging instrumento pa nga ang mga makabagong teknolohiya para higit na magkamal ng tubo ang malalaking korporasyon. Pinagbabangga ang AI at ang mga manggagawa, kesyo hindi na kinakailangang magbayad pa ng taong gagawa at kaya nang gawin ng makabagong makina at teknolohiya ang kanilang trabaho. Sa kalaunan, lalapad ang kawalan ng trabaho at lilikha ito ng kondisyon kung saan lalong pang babaratin ang mga manggagawa.

Mas masaklap para sa mga Pilipino dahil hindi tinatanaw ng gobyerno ng Pilipinas na paunlarin ang kabuhayan ng mayorya ng mamamayan sa pamamagitan ng paggamit ng makabagong kagamitan at teknolohiya. Malaki sana ang potensyal ng bansa sa industriyalisasyon dahil sa laki ng yamang mineral nito, pero sa una pa lang ay hindi na patakaran ng gobyerno ang paunlarin ang sariling agrikultura at industriya. Niluluwas lang din nito ang yamang mineral para sa kapakinabangan ng mga industriyalisadong bansa. Nahuhumaling lang ito sa mga patakarang neoliberal na maka-dayuhan at maka-malalaking kapitalista, habang ang mayorya ng taumbayan ay alipin lang ng makabagong teknolohiya. Nahuhumaling lang ito sa galing ng AI na para bang kayang lampasan ng ***artificial intelligence*** ang responsableng paggogobyerno.

Hangga't wala sa kamay ng taumbayan ang kagamitan at teknolohiya, masasabi natin na hindi pa rin nakalalampas ang tao sa sarili nitong pagkalugmok.***IBON***

PLEASE SHARE TO OUR FRIEND
www.talibaNews.com

# Artificial Intelligence - Pagpapala o Sumpa?

Nito lang, nagkomento ang mga lider ng bansa, scientist, at technologist tungkol sa kakayahan ng artificial intelligence (AI). Inamin nila na nakakatulong ito, pero nag-aalala rin sila na puwede itong gamitin sa maling paraan.

- "Ang AI ang isa sa teknolohiyang may pinakamalaking epekto sa ngayon dahil kaya nitong pagandahin ang buhay ng tao . . . Pero dahil sa AI, posible rin na madagdagan ang mga banta sa kaligtasan at seguridad, mawala ang mga karapatang pantao at privacy, pati na ang tiwala ng publiko sa demokratikong paraan ng pamamahala."—Kamala Harris, vice president ng United States, Mayo 4, 2023.
- "Kahit parang makakatulong ang artificial intelligence (AI) sa pangangalaga sa kalusugan, posible rin itong makasama sa pisikal at emosyonal na kalusugan ng tao," ang isinulat ng isang internasyonal na grupo ng mga doktor at health-care expert na pinangungunahan ni Dr. Frederik Federspiel, sa isang artikulo sa BMJ Global Health a noong Mayo 9, 2023.
- "Ginagamit na ang AI para magbigay ng maling impormasyon. At sa hinaharap, posible ring mawalan ng trabaho ang mga tao dahil dito. Nag-aalala ang ilang technologist na darating ang panahon, ipapahamak ng AI ang mga tao."—The New York Times, Mayo 1, 2023.

Hindi pa natin alam sa ngayon kung makakabuti ba o makakasama sa hinaharap ang AI.

***Ano ang sinasabi ng Bibliya?***

## Kung bakit hindi siguradong makakabuti ang mga gawa ng tao

Sinasabi ng Bibliya kung bakit hindi masisigurado ng mga tao na gagamitin lang sa mabuti ang teknolohiyang ginagawa nila.

1. 1. Kahit maganda ang intensiyon ng mga tao, hindi nila laging malalaman ang negatibong mga epekto ng mga ginagawa nila.
   - o "May daan na matuwid sa tingin ng isang tao, pero kamatayan ang dulo nito."—Kawikaan 14:12.
2. 2. Hindi makokontrol ng isang tao kung paano gagamitin ng iba ang mga ginawa niya.
   - o "Maiiwan ko lang din [ang mga ginawa ko] sa kasunod ko. At sino ang nakaaalam kung magiging marunong siya o mangmang? Pero siya ang mamamahala sa lahat ng bagay na pinagbuhusan ko ng lakas at karunungan sa ilalim ng araw."—Eclesiastes 2:18, 19.

Ipinapakita ng mga ito kung bakit napakahalagang magpagabay sa ating Maylalang.

## Kung kangino tayo makakapagtiwala


**Nangangako ang ating Maylalang na hindi niya hahayaan ang mga tao o anumang teknolohiyang gawa ng tao na sirain ang lupa.**

- "Ang lupa ay mananatili magpakailanman."—*Eclesiastes 1:4.*
- "Ang mga matuwid ang magmamay-ari ng lupa, at titira sila roon magpakailanman."—***Awit 37:29***.

Mababasa sa Bibliya ang mga payo sa atin ng Maylalang para mabuhay tayo sa hinaharap nang payapa at walang kinakatakutan. Para malaman ang sinasabi ng Bibliya tungkol dito, basahin ang mga artikulong ***"Paano Tayo Magkakaroon ng Magandang Kinabukasan?"*** at "Makakaasa Ka sa Isang Magandang Kinabukasan." **JW.org**

** Mula sa artikulong "Threats by Artificial Intelligence to Human Health and Human Existence," na isinulat nina Frederik Federspiel, Ruth Mitchell, Asha Asokan, Carlos Umana, at David McCoy.*






# KAHARIAN NG DIYOS ANG KAILANGAN

## “Manalangin kayo sa ganitong paraan: "Ama namin na nasa langit, pakabanalin nawa ang pangalan mo. Dumating nawa ang **Kaharian** mo. Mangyari nawa ang kalooban mo, kung paano sa langit, gayon din sa lupa...“ - *MATEO 6:9-10*

**“Sa panahon ng mga haring iyon, ang Diyos ng langit ay magtatatag ng isang kaharianj na hindi mawawasak kailanman.k At ang kahariang ito ay hindi ibibigay sa ibang bayan.l Dudurugin nito at wawakasan ang lahat ng kahariang iyon,m at ito lang ang mananatili magpakailanman**...

**- DANIEL 2:44**

SINASABI ng aklat ng Apocalipsis na ang Kaharian ng Diyos ay naitatag na sa langit at pinalayas na si Satanas mula roon. (Apoc. 12:1-9) Dahil diyan, nagkaroon ng kapayapaan sa langit, pero nagbigay ito ng problema sa atin. Bakit? Dahil galit na galit si Satanas at sinasalakay niya ang mga tapat na naglilingkod kay Jehova dito sa lupa.—Apoc. 12:12, 15, 17.

INILARAWAN ANG MGA KAAWAY NG DIYOS “SA PAMAMAGITAN NG MGA TANDA”

Sa unang talata pa lang ng Apocalipsis, sinasabi na ang mga impormasyong mababasa ay inilarawan sa makasagisag na paraan “sa pamamagitan ng mga tanda.” (Apoc. 1:1) Kaya ang mga kaaway ng Diyos ay inilarawan bilang mababangis na hayop. Halimbawa, may “isang mabangis na hayop na umaahon mula sa dagat.” Mayroon itong “10 sungay at 7 ulo.” (Apoc. 13:1) Sinundan ito ng “isa pang mabangis na hayop na lumalabas mula sa lupa.” Nagsasalita ang mabangis na hayop na ito gaya ng isang dragon at “nagpapababa . . . ng apoy sa lupa mula sa langit.” (Apoc. 13:11-13) Pagkatapos, may “isang kulay-iskarlatang mabangis na hayop” at isang babaeng bayaran ang nakasakay rito. Ang tatlong mababangis na hayop na ito ay lumalarawan sa matagal nang mga kaaway ng Diyos na Jehova at ng kaniyang Kaharian. Kaya mahalagang matukoy kung sino sila.—Apoc. 17:1, 3.

## APAT NA DAMBUHALANG HAYOP

Ang mga ito ay “umahon sa dagat.” (Dan. 7:1-8, 15-17) Lumalarawan ang mga ito sa mga kapangyarihang pandaigdig na may malaking epekto sa bayan ng Diyos mula pa noong panahon ni Daniel

Sinasabi sa atin ni Daniel na ang mga dambuhalang hayop na ito ay lumalarawan sa apat na “hari,” o gobyerno. (Basahin ang Daniel 7:15-17.) Tinutulungan tayo nito na maintindihan na ang mga hayop na binabanggit sa Apocalipsis ay tumutukoy rin sa mga gobyerno ng tao.

Alamin natin ngayon ang ilan sa mga tanda na inilarawan sa Apocalipsis. Habang ginagawa natin ito, makikita natin kung paano tayo matutulungan ng Bibliya na malaman ang kahulugan ng mga tandang ito. Talakayin muna natin ang tungkol sa mababangis na hayop. Una, aalamin natin kung kanino sila lumalarawan. Pagkatapos, titingnan natin kung ano ang mangyayari sa mga ito. Panghuli, tatalakayin natin kung ano ang kahulugan para sa atin ng mga pangyayaring ito.




MABANGIS NA HAYOP NA MAY PITONG ULO

"Umaahon [ito] mula sa dagat" at mayroon itong 7 ulo, 10 sungay, at 10 diadema. (Apoc. 13:1-4) Lumalarawan ito sa lahat ng gobyerno ng tao na namahala sa buong kasaysayan. Ang pitong ulo ay lumalarawan sa pitong kapangyarihang pandaigdig na may malaking epekto sa bayan ng Diyos

***Saan tumutukoy ang mabangis na hayop na may pitong ulo?***

(Basahin ang Apocalipsis 13:1-4.) Nakita natin na ang mabangis na hayop na ito ay tulad ng leopardo, pero ang mga paa nito ay gaya ng sa oso, at ang bibig nito ay gaya ng bibig ng leon, at mayroon itong 10 sungay. Ganiyan din inilarawan ang apat na hayop na binanggit sa Daniel kabanata 7. Pero sa aklat ng Apocalipsis, ang mga paglalarawang iyan ay makikita sa iisang hayop, hindi sa apat na magkakaibang hayop. Ang mabangis na hayop na ito ay hindi lumalarawan sa iisang gobyerno lang o kapangyarihang pandaigdig. Sinasabi na namamahala ito "sa bawat tribo at bayan at wika at bansa." Tiyak na nakahihigit ito kaysa sa gobyerno ng isang bansa. (Apoc. 13:7) Kaya lumalarawan ang mabangis na hayop na ito sa lahat ng gobyerno ng tao na namahala sa buong kasaysayan. *—Ecles. 8:9.

***Saan lumalarawan ang bawat isa sa pitong ulo ng mabangis na hayop?***


Makakatulong sa atin ang Apocalipsis kabanata 17 na malaman ang sagot, kasi inilarawan dito ang estatuwa ng hayop na binanggit sa Apocalipsis kabanata 13. Mababasa sa Apocalipsis 17:10: "May pitong hari: Bumagsak na ang lima, ang isa ay narito, at ang isa ay hindi pa dumarating; pero pagdating niya, mananatili siya nang maikling panahon." Sa lahat ng gobyerno ng tao na ginamit ni Satanas, pito ang itinulad sa mga "ulo" dahil naging mas makapangyarihan sila kaysa sa iba. Malaki ang naging epekto ng mga kapangyarihang pandaigdig na ito sa bayan ng Diyos. Noong panahon ni apostol Juan, lima na ang namahala sa daigdig: Ehipto, Asirya, Babilonya, Medo-Persia, at Gresya. Nang tanggapin ni Juan ang pangitaing ito, kasalukuyang namamahala noon ang Roma, ang ikaanim na kapangyarihang pandaigdig. Ano ang magiging ikapito at huling kapangyarihang pandaigdig, o ulo?

***Saan lumalarawan ang ikapitong ulo ng mabangis na hayop?***

Makakatulong sa atin ang mga hula sa aklat ng Daniel para matukoy natin ang ikapito at huling ulo ng mabangis na hayop. Anong kapangyarihang pandaigdig ang namamahala sa panahong ito ng wakas, o sa "araw ng Panginoon"? (Apoc. 1:10) Ito ang Kapangyarihang Pandaigdig na Anglo-Amerikano. Tambalan ito ng dalawang makapangyarihang bansa, ang United Kingdom at ang United States of America. Kaya masasabi natin na ito ang ikapitong ulo ng mabangis na hayop na binanggit sa Apocalipsis 13:1-4.

**MABANGIS NA HAYOP NA MAY DALAWANG SUNGAY NA GAYA NG SA ISANG KORDERO**

"Lumalabas [ito] mula sa lupa" at nagsasalitang "gaya ng isang dragon. . . . Nagpapababa pa nga ito ng apoy . . . mula sa langit" at gumagawa ng dakilang mga tanda bilang "huwad na propeta." (Apoc. 13:11-15; 16:13; 19:20) Bilang isang mabangis na hayop na may dalawang sungay at isang huwad na propeta, iniliiligaw ng Anglo-Amerika ang mga nakatira sa lupa at sinasabi nito sa kanila na "gumawa ng isang estatuwa ng mabangis na hayop" na may 7 ulo at 10 sungay




Sinasabi pa ng Apocalipsis kabanata 13 na ang ikapitong ulo, ang Kapangyarihang Pandaigdig na Anglo-Amerikano, ay kumikilos din na tulad ng mabangis na hayop na may "dalawang sungay na gaya ng sa isang kordero, pero nagsimula itong magsalitang gaya ng isang dragon." Ang hayop na ito ay "gumagawa . . . ng dakilang mga tanda; nagpapababa pa nga ito ng apoy sa lupa mula sa langit sa paningin ng sangkatauhan." (Apoc. 13:11-15) Sa Apocalipsis kabanata 16 at 19, inilarawan ang mabangis na hayop na ito bilang "huwad na propeta." (Apoc. 16:13; 19:20) Halos ganiyan din ang sinabi ni Daniel. Sinabi niya na "napakatindi ng pagwasak" na isasagawa ng Kapangyarihang Pandaigdig na Anglo-Amerikano. (Dan. 8:19, 23, 24) Ganiyan nga ang nangyari noong Digmaang Pandaigdig II. Dahil sa pagtutulungan ng mga siyentipiko ng Britain at ng America, nakagawa sila ng dalawang atomic bomb na tumapos sa digmaang iyon sa Pasipiko. Kaya masasabing 'nagpababa ng apoy sa lupa mula sa langit' ang Kapangyarihang Pandaigdig na Anglo-Amerikano.

Nakasakay rito ang isang babaeng bayaran, o ang Babilonyang Dakila. Inilalarawan ang mabangis na hayop na ito bilang ang ikawalong hari. (Apoc. 17:3-6, 8, 11) Noong una, kinokontrol ng babaeng bayaran ang mabangis na hayop, pero nang maglaon, pinuksa siya nito. Ang babaeng bayaran ay lumalarawan sa pandaigdig na imperyo ng huwad na relihiyon. Sa ngayon, lumalarawan ang mabangis na hayop sa United Nations, na nagtataguyod sa lahat ng gobyerno ng tao

Pagkatapos, may isa pang mabangis na hayop. Halos katulad ito ng mabangis na hayop na may pitong ulo pero kulay-iskarlata ito. Tinawag itong "estatuwa ng mabangis na hayop" at inilarawan bilang "ikawalong hari." * (Basahin ang Apocalipsis 13:14, 15; 17:3, 8, 11.) Ang 'haring' ito ay sinasabing umiral, nawala, at babalik. Tamang-tama ang paglalarawang iyan sa United Nations, isang organisasyon na nagtataguyod sa lahat ng gobyerno ng tao! Noon, tinawag itong Liga ng mga Bansa. Pagkatapos, nawala ito noong Digmaang Pandaigdig II. At nang maglaon, bumalik ito bilang United Nations.

Gamit ang kanilang propaganda, iniimpluwensiyahan ng mababangis na hayop o mga gobyerno ang mga tao na salansangin si Jehova at ang kaniyang bayan. Sinabi ni Juan na para bang tinitipon nila ang "mga hari ng buong lupa" sa digmaan ng Armagedon, ang "dakilang araw ng Diyos na Makapangyarihan-sa-Lahat." (Apoc. 16:13, 14, 16) Pero hindi tayo dapat matakot. Agad na kikilos ang ating dakilang Diyos, si Jehova, para iligtas ang lahat ng sumusuporta sa pamamahala niya.—Ezek. 38:21-23.

***Ano ang mangyayari sa lahat ng mababangis na hayop?***

Sinasabi ng Apocalipsis 19:20: "Sinunggaban ang mabangis na hayop, at kasama nito ang huwad na propeta na gumawa sa harap nito ng mga tanda para iligaw ang mga tumanggap ng marka ng mabangis na hayop at ang mga sumasamba sa estatuwa nito. Habang buháy pa, pareho silang inihagis sa maapoy na lawa na nagniningas sa asupre." Habang namamahala pa ang mga gobyernong ito na kaaway ng Diyos, pupuksain niya sila at hindi na iiral pa. **- JW.ORG**

***Papalitan ito ng MESIANIKONG KAHARIAN NA PAMUMUNUAN NI HESU-KRISTO SA LOOB NG ISANG LIBONG TAON***




Gunigunihin mo na ang iyong bahay ay natupok ng apoy. Ngayon ay nangako ang isang may kakayahang kaibigan na tutulungan kang maitayong-muli ang iyong bahay at pakakanin ang iyong pamilya. Kung palaging nagsasabi sa iyo ng totoo ang kaibigang iyan, hindi ka pa ba maniniwala sa kaniya? Halimbawang sa pag-uwi mo kinabukasan galing sa trabaho ay nakita mong nagsisimula nang hawanin ng mga manggagawa ang mga labí ng sunog at nadalhan na ng pagkain ang iyong pamilya. Walang alinlangang malulubos ang iyong pagtitiwala na darating ang panahon, at hindi lamang maisasauli ang mga bagay-bagay kundi magiging mas mabuti pa kaysa rati. ***JW.ORG***

**"... Magkakaroon kayo ng LAKAS kung mananatili kayong PANATAG at MAGTITIWALA"**

**-Isaias 30:15**

# Guanzon sa mga bagong abogado: 'Maraming tukso na darating'

**PILIPINAS** - Nagbigay ng mensahe ang dating Comelec Commissioner na si Rowena Guanzon para sa mga bagong abogado.

Sa kaniyang Facebook post kamakailan, Abril 14, sinabi ni Guanzon na marami raw tuksong darating para sa kanila.

"**Pero hangga't nasa katwiran at katotohanan lang tayo ay hindi niyo mababale ang prinsipyo na meron tayo**," saad ni Guanzon.

"***Maaring hindi mapapakain ang prinsipyo ang pamilya o makakabayad ng bills pero makakatulog tayo ng mahimbing sa gabi at taas noo na makakatingin kahit kanino dahil marangal tayong nabubuhay araw araw***, dugtong pa niya.

Nakakuha naman ng positibong reaksiyon mula sa mga netizen ang



**Rowena Guanzon**
*Former Comelec Commissioner*

naturang post. Narito ang ilan sa kanilang mga komento:

***"Very well said mama bing"***

***"Thank you for the inspiration, mommy Bing."***

***"Peace of mind for those who follow God's Command."***

***"I will take that as my guiding light madam. Thank you."***

***"agree!"***

***"Tama wag padala sa pera"***

***"GOD Bless the New Lawyers, guide them O'Lord."***

Matatandaang katatapos lang noong Abril 5 ang aplikasyon para sa mga kukuha ng 2024 Bar Examinations sa darating na Setyembre 8, 11, at 15.

***iBALITA***

ads@ TALIBA
it works!
www.talibaNews.com
647-287-1870
Email: talibalita@rogers.com

# Biden, sinabihan si Netanyahu na 'di sasama ang US kung bubuwelta ang Israel vs. Iran —media reports




***Ang pagharang anti-missile system ng Israel matapos pagpakawala ng mga drones at missiles ang Iran. April 14, 2024.***

Sinabihan umano ni US President Joe Biden si Israeli Prime Minister Benjamin Netanyahu na hindi sasama ang Amerika kung balak ng Israeli na magsagawa ng counter-strike laban sa Iran, ayon sa ulat ng CNN at Wall Street Journal nitong Linggo.

Una rito, nagpakawala ng mahigit 300 drones at missiles ang Iran papunta sa Israel nitong Sabado ng gabi, bilang ganti sa ginawang pagpapasabog sa consulate ng Iran sa Syria noong April 1, na hinihinala nilang kagagawan ng Israel.

Matagumpay naman na naharang mga rocket ng Israel at mga kaalyado nilang bansa, gaya ng US, ang mga pinakawalang drones at missiles ng Iran.

Sa pakikipag-usap umano kay Netanyahu noong gabi ng Sabado, sinabi umano Biden na hindi na kailangan ang gumanti sa ginawa ng Iran. Sinabihan rin umano ng senior U.S. officials ang kanilang counterparts sa Israel na hindi makikilahok ang Amerika kung bubuwelta pa ang Israel sa ginawa ng Iran, ayon sa ulat ng CNN at Wall Street Journal.

Sinabi naman ni John Kirby, top national security spokesperson ng White House, sa "This Week" program ng ABC nitong Linggo, na patuloy na tutulong ang US na depensahan ang Israel, pero hindi ang pakikidigma sa Iran.

"We don't seek escalated tensions in the region. We don't seek a wider conflict," ani Kirby.

— mula sa ulat ng
***Reuters/FRJ, GMA Integrated News***


## TALIBA/Flipz Media
***(Magazine & Social Media Services)***

***"Bringing your products & services at the forefront of digital industry."***


We reserve the right to refuse sexist, racist or otherwise offensive advertising. Information has been obtained by Taliba Newspaper Canada Ltd / Flipz Media from sources believed to be reliable. However, because of the possibility of human or mechanical error by our sources, the publisher and its research staff can not guarantee the accuracy, adequacy, or completeness of any information and is not responsible for any errors or omissions or the results obtained from use of such information. The views expressed in TALIBA are those of the writers/contributors and do not represent the opinions of the editors and / or the publisher. Statements made in advertisements printed, inserted or attached to TALIBA are not endorsed in any manner whatsoever. Most texts and photos in this issue are from reliable sources gathered by our research team and staff. TALIBA/ FLIPZ MEDIA aims to strenghten the mind, body and spirit of our readers so that they may have realistic views of life and be able to cope with daily problems. We are non-political, non-religious, non-partisan, non-competitive and non-racial. We stand for truth, justice, equality and fraternity. We intend to make a difference.

**ABOUT:** While maintaining a politically neutral position, it will promote positive views about Canadian cultures and heritage. Media hub that merges Filipinos to other cultures through culinary ideas, music, entertainment, business and current affairs. Provides helpful information for new immigrants concerning employment, government assistance etc. The magazine will help entrepreneurs promote their services, as well as artists showcase their talents. The magazine will provide point of contact information concerning government programs, business start-up, talent hub and charities.

**SERVICES:** Provide magazine and online social media presence while promoting business services and talents. Provide photography/ videography services for social events, weddings, portraits and starting modelling portfolio. Provide advertisement design layout including photography service for promotional purposes. Provide website design and web hosting businesses.

Advertise at **www.talibaflipzmedia.com** *or CALL* ***416-989-7336***
P.O. Box 73066 / 2300 Lawrence Ave. E. Toronto, ONT M1P 2R2

# Filipino Canadian own FUWA FUWA Restaurant in Pickering MURANG-MURA na napakasarap pa!

Filipino Canadian own FUWA FUWA Dessert Cafe in Pickering CHEAP yet delicious!

"***Totoo po yan, napakasarap! Tuwang -tuwa mga anak ko,*** "sabi ni Miss Aguas!

Ang lugar ay nasa intersection ng Kingston & Whites # ***820 Kingston Rd Unit B2 Pickering, ONT L1V 1A8***.

Pag-aari ng ating kapwa Filipino Canadian na sina Cecilia & Resty Ragragio.

Hindi po tayo mabibigo sa maasahan ninyo. Isama natin ang buong pamilya.

Tawag lang sa **905-839-8883.**



















# Mga likas na sakuna

Sa pamamagitan ng pagkakaroon na ng potograpiya noong ika-19 dantaan, napangalagaan din ang mga namamasid na katibayan ng mahirap na katayuan ng pamumuhay sa mga pook na tropiko. Sa tulong ng mga kamera at ng mga litratista - dalubhasa man o hindi - napatunayan ang katotohanan na may mga likas na sakuna at kaganapan sa Pilipinas, katulad ng mga lindol, bagyo, pagsabog ng bulkan at pagkasunog ng mga kagubatan. Ang kinahinatnan ng lindol noong 1 863 ay nasaksihan at naitala ni Martinez Hébert, isang litratista ng Maharlikang Kabahayan ng pamahalaang Kastila, habang ang kapinsalaang sanhi ng mga paglindolnoong 14 18 Hulyo 20 at 22, 1880 ay nahagip ng mga lenteng pangkamera ng potograpong Olandes na si Francisco van Camp

***"ang mga larawan ay nagsasalita ng isang milyong mga salita"***

# Mga tagapanimula ng potograpiya sa Pilipinas

***Ang mga tagapanimula ng potograpiya sa Pilipinas*** ay mga Kanluraning litratista, na mula sa Europa ang karamihan. Ang gawaing pagkuha ng mga larawan at ang pagbubukas ng mga unang mga litratuhan (mga estudyo) sa Pilipinas noong kapanahunan ng mga Kastila, mula sa mga dekada ng 1840 hanggang 1890, ay nabigyang-daan ng mga sumusunod na kadahilanan: ginamit ang mga litrato para sa mga balita at impormasyon hinggil sa katayuan ng kolonya, bilang mga kasangkapan sa panghihikayat ng mga turista, bilang aparatong nakatutulong sa larangan ng antropolohiya, bilang kagamitan na nakapagpapakita ng katayuan sa lipunan, bilang instrumentong nakapagtatala ng mga pangyayari sa kasaysayan, isang kasangkapan sa pakikipagugnayan, para sa mga propaganda, at bilang sanggunian para sa mga ilustrasyon (mga akdang-giuhit) at sa larangan ng pag-uukit. Ang gawaing pang-potograpiya sa Pilipinas ay hindi walang impluwensiya at daloy ng pumapasok na mga diwang-pansining mula sa Kanluran patungo sa loob ng kapuluang kolonisado. *Mula sa Wikipedia*


TalibaFlipzMedia

# Photography Services

*Professional Product Photography – Food, Jewelry or just pictures of your store.*

**We can take pictures of your product for printed catalogs or for online store.**

**Each photo will be in pure white background and edited in photoshop.**

- 100+ photos $20 per photo *(with free Taliba 1/4 B&W Ads one time issue)*
- 50-90 photos $25 per photo
- 20-49 photos $30 per photo
- 10-19 photos $35 per photo
- 5-9 photos $40 per photo
- 2-4 photos $45 per photo




**Photo Specifications**

- **High resolution jpeg image**
- **Photo editing to remove dust and minor defects**
- **Royalty-free unlimited use license**

**For inquiry**, call Tel. **416-989-7336** / 647-287-1870 ★ Email: ***advertise@flipzmedia.com***